

Chapter One



Caliente was one of the biggest and hottest party places in the metro that night. Hindi alam ni Ivan kung bakit hindi niya maialis ang tingin kay Vicki Yuson, ang best friend ni Jamie, na isa sa mga kaibigan at producers niya sa kanyang weekly documentary feature show.

Karamihan ng kababaihan na nasa lugar na iyon ay mukhang naglaan ng dagdag na effort para mas maging maganda at pansinin. Vicki was the opposite. Mas mukha itong sasaglit sa mall kaysa makiki-party.

Taun-taon ay ginaganap ang Singles' Night sa *Caliente* sa gabi bago ang Valentine's Day. Hindi siya mahilig sa party pero pinilit siya ng kaibigang si Alfie, isa sa mga may-ari ng bar, na pumunta.

Ngayon ay hinihintay lang muna niya si Alfie bago puntahan ang maingay na grupo ng kanyang mga kaibigan na umookupa sa ilang couches sa isang sulok. Habang naghihintay ay iginagala niya ang tingin sa paligid, kaya nahagip ng mga mata ang kararating lang na si Vicki.

Totally out of place si Vicki dahil sa suot nito. Baka iyon ang dahilan kaya hindi niya maialis ang

mga mata sa babae. Hindi pa mandin niya ito type.

Marahil ay naramdaman ng dalaga na may nagmamasid dito kaya napatingin ito sa gawi niya. Pagdaan sa tapat ni Ivan ay huminto ito. “Wala kang work tonight, o parte ito ng trabaho mo at gagawan mo ng documentary ang mga single and unattached na puma-party bago ang Valentine’s Day?” ngiti nito.

He smiled back. “I’m here to party. Not working tonight. Hindi ko nga dala kahit ang camera ko.”

“Good. We all need to relax,” sabi nito at tinapik siya sa braso. “Mauna na ako at matagal ko nang hindi nakakasama ang mga nagyaya sa akin dito.”

Tumango siya, pagkuwa'y nagsalubong ang mga kilay nang mapansin kung saan patungo ang babae—sa puwesto ng kanyang mga kaibigan. Alam niyang kilala nito ang ilan sa mga kaibigan niya. They knew each other because of Jamie, and that's it.

She's pretty but he wouldn't consider her his type. Mas tipo niya iyong mga morena, mahaba ang buhok at Pinay na Pinay ang hitsura. Vicki was fair, and had just a hint of the West in her looks. Ivan liked his women curvy, samantalang athletic ang pangangatawan ni Vicki.

Mas gusto niya iyong mga babaeng hindi nahihiyang ipakita ang pagiging babae nila—sa

isip, sa salita at sa gawa. May pagkabruskong kumilos si Vicki at parang laging nagsusulat. She also detested chivalry and seemed to be one of those feminist types.

Kaya nagtataka siya ngayon kung bakit kanina pa niya ito inoobserbahan. Somehow, he found her a little interesting, even intriguing tonight.

Oh well... maybe, it's just the wine.



Vicki could still feel Ivan Duremdez' eyes on her. She should be flattered being checked out by the gorgeous, formidable, immensely intelligent Ivan. Pero pakiramdam niya ay may mali, parang hindi tamang tila pinapanood nito ngayon ang bawat galaw niya.

There was nothing wrong about the man. He was quite a catch, actually. He was gorgeous, but she's not sure she was attracted to him. Hindi niya type si Ivan.

He was the quintessential tall, dark and handsome, his Filipino-Spanish lineage evident in his looks. His deep set eyes were piercing, even behind those rimless glasses he wore. Lean and muscular ang pangangatawan nito na tanda ng pagkahilig sa sports. And yes, that beautiful mind. She's a sucker for intelligent men. But not someone like Ivan.

Si Ivan ay producer ng isang weekly documentary feature program sa isang TV network giant, kung saan isa rin ito sa mga programming executives. Isa sa mga paborito ni Vicki ang docu-feature show nito na *As It Is*. Hanga siya sa sipag at dedikasyon ng binata, pero hindi sa reputasyon nito pagdating sa pakikipagrelasyon.

He was some sort of a heartbreaker, his work often came first. He was known for his numerous flings. Walang nagtagal dahil karamihan ay napapagod nang hintaying magkaroon ng oras para sa kanila si Ivan. Kaya kahit supposedly good catch ito, she just didn't think she would even like the man, *that way*.

Hindi niya ito type. Mas type niya ang chinito. Ayaw rin niya ng lalaking sobrang successful at dami ng ginagawa, dahil tiyak na walang magiging panahon iyon para sa ibang bagay.

And lastly, as much as she hated to generalize, she didn't like him because he's filthy rich. Nagmahal na siya ng ganoong klase ng lalaki dati at hindi siya proud na dalawang beses na siyang nabigo at nasaktan.

But why did it feel like her heart jumped when she saw him approach their table?



So this is how Vicki Yuson lets her hair down

and party. She talks animatedly and laughs heartily.
Naaliw si Ivan sa tawa nitong tila buhay na buhay.

Ito ang unang beses na nakasama niya itong lumabas. Ngayong gabi rin lang niya ito narinig na tumatawa. It was refreshing to see her, but it still baffled him why he's paying particular attention to her tonight.

Napatingin siya sa katabing si Vee. Kanina pa ito nagsusulat sa ilang maliliit na piraso ng papel. "What are those?" tanong niya.

She smiled. "Our names... yours, mine, everybody's..." Ipinalakpak nito ang mga kamay upang kunin ang atensyon ng lahat. Nag-roll call ito habang isa-isang ipinapakita ang pangalan ng tinawag na nakasulat sa isang maliit na piraso ng papel bago iyon itinupi. Pagkatapos ay ibinaba nito ang bawat naituping papel sa dalawang magkahiwalay na grupo.

Napaisip si Ivan kung ano kaya ang pakulong naisip nito.

"All right, Ivan, just to fill you in. Napag-usapan namin kanina na para naman bigyan ng kaunting gulo ang boring nating mga buhay..." Tumingin si Vee sa lahat, na kung hindi nagpahayag ng kunwa ay disgusto ay tila mukhang miserable naman sa kanilang pagiging single at unattached.

"Well, we thought it's time for a little dare.

Kukuha tayo ng isang babae at isang lalaki, have them get to know each other more and date for a month and see if they click. At lahat ng pangyayari ay kailangang documented sa ating *Facebook* group.”

Umarko ang kilay niya. “Parang reality show?”

Noelle, one of the three lawyers in the group, mimicked his expression. “Yes, like a reality show, at tayong mga narito lang ngayon ang audience.”

“Pero kilala na natin ang isa’t isa,” sabi niya.

“Pero hindi pa natin nasubukang i-date ang isa’t isa,” ani Jamie, ang kasamahan niya sa docu feature show. “Come on, Boss. It would be fun. Isang buwan lang ng regular dates na kailangang isama natin sa schedule ng bawat isa. That’s going to be a challenge, considering na ang toxic ng schedule nating lahat.”

“Matagal na nating kilala ang isa’t isa, if one of us like another, dapat dati pa. Sa tagal ng pagkakaibigan nating lahat, wala namang nagkakagustuhan. So ibig sabihin n’on, wala talaga,” protesta pa rin niya.

Jamie rolled her eyes. “Boss, para namang napakadalas nating magkita-kita. Tayo ngang magkasama na sa isang office,bihira nang magkita, itong iba pa kaya?”

“At ano’ng purpose ng one-month trial affair na

ito?"

Cara, the executive chef for *Caliente*, smiled wickedly. "Trial affair! Hmm... iyan nga ang magandang itawag sa one-month challenge natin." Tumingin ito sa kanya. "Huwag ka nang KJ, Ivan. Hindi ka man lang ba interesadong kilalanin ang kahit isa man lang sa amin? Magbubunutan tayo. It should be interesting who would get paired up."

"Purpose? It's to break the routine in our busy lives. Puro tayo single at palaging abala, at lahat tayo, idinadahilan ang career kaya walang love life at the moment. Although we all know better, of course," smirked Alfie, the owner of *Caliente*.

Nagdududang tiningnan ni Ivan ang ibang kalalakihan sa grupo, na tahimik habang ipinaglalaban ng mga babae ang kakaibang gimmick ng mga ito. "Lahat ba pumayag na?"

All the other men either nodded or grunted in response. Mukhang napipilitan lang ang iba, ngunit halata ring interesado at handa sa challenge.

"What's at stake?" he asked.

Napailing si Jamie. "Iyan, iyan ang dahilan kung bakit lahat tayo, single pa rin. Hindi tayo sumusugal, iniisip agad natin kung ano ang mapapala natin. We get into a relationship with so many expectations at nalilimutan natin na kilalanin talaga ang isang tao dahil naka-focus tayo sa mga

inaasahan natin.”

Ivan stared at her. “Hindi na lang pala dapat ako nagtanong.”

“May point naman siya, dude. Hindi ba sapat na dahilan iyong mapilitan tayong mag-set aside ng oras para kilalanin pa nang lubusan ang isang tao? At magkakaroon din tayo ng chance para mag-unwind, somehow,” dagdag ni Vee.

Naiiling na itinaas niya ang dalawang kamay. “Fine, I’m in.” Wala namang mawawala sa kanya, maliban siguro sa karaniwan ay tahimik at sunod sa schedule na buhay niya.

“Great! Akala ko magsasanib-puwersa pa ang mga alagad ng batas dito para pilitin ka, eh,” sabi ni Noelle, nakangisi. Kumuha ito ng isang basyong bote ng alak at inilagay iyon sa gitna ng mesa.

“Okay, kung kanino hihinto at nakaturo ang bote, siya ang bubunot at pipili ng ating matatapang na bagong couple. One, two...” Then she spun the bottle.

Ivan rolled his eyes. Tila mga high school students ang mga kaibigan niya na naglalaro ng Spin the Bottle o Truth or Dare. Then again, it’s actually going to be quite a challenge to make time for dates for an entire month.

Tumingin siya sa bote, na huminto sa tapat ni TJ, who’s also a lawyer. Umayos ito ng upo at

tangkang bubunot na sana sa bowl pero pinigilan ni Vee.

“Hold it, Mr. Eleazar. Just a few more things...” anito, sabay palis nito sa kamay ni TJ. “Okay, so pagkapili natin ng ating couple, we will all make sure that we get updates. Kaya para siguradong hindi nila tayo dadayain, we decided that the first week would be planned. Ang mga hindi mabubunot ang magpaplano ng dates sa loob ng isang linggo.

“Sa second week, the dates will be decided by the lady who got picked. On the third, it’s the gentleman’s turn. On the fourth, bahala na ang couple. That’s a total of four weeks, or almost a month, right? After that, magkikita tayo uli dito rin and see for ourselves kung may nabago ba sa dalawa.” Ngumisi ito. “Yung mga hindi mapipili ang bahala sa expenses ng dalawa during the first week.”

“Okay na, tama na. Bubunot na ako?” tanong ni TJ, na mukhang atat nang matapos ang usapan. Nang tumango si Vee, nilagay nito ang kamay sa isang bowl. “Okay, ladies first,” he grinned. Kumuha ito ng isang nakatuping papel. He leaned back a bit as he unfolded the tiny piece of paper. “And here’s the first person whose life is about to change for the next four weeks.” Iniharap nito sa kanila ang papel, which had a name written on it: Vicki.

Lahat sila ay napatingin sa dalaga, na halatang hindi inaasahang ito ang mapipili. “Fine. May pasok ako four days a week, from seven thirty in the morning to five thirty in the afternoon. I’m usually available during weekends unless may biglaang meeting...” pagbibigay-alam nito sa lahat, na karamihan ay tinaasan lang ito ng kilay. Vicki held up both hands. “Hey, hindi po ako nagba-back out. Ipinapaalam ko lang ang schedule ko.”

“Kakausapin ko si Congressman at sasabihin kong huwag kang masyadong gawing toxic sa susunod na buwan dahil magkaka-love life ka na,” nakangising sabi ng executive producer niya sa *As It Is* na si Ryder, na dating nasa campaign team ni Congressman Chavez, kung saan nagtatrabaho si Vicki bilang head researcher.

Ivan couldn’t help smiling as he watched Vicki purse her lips. Halatang hindi nito gaanong gusto ang nakatakdang mangyari sa susunod na apat na linggo, pero dahil sa pride ay hindi uurong sa challenge. He wondered about the unlucky fellow who would be forced on a trial affair with her for the next month.

Pinanood niya ang babae habang matamang nakatingin kay TJ na noon ay kumukuha na ng pangalan ng mapalad na nilalang.



Vicki couldn't believe her luck, or misfortune. Fine, wala siyang itutulak-kabigin sa limang kalalakihang kasama niya sa grupo nang gabling iyon. Pero hindi niya talaga inaasahang siya ang mabubunot.

Hindi lang niya alam kung bakit siya kinakabahan habang tila nakakalokong binabagalang talaga ni TJ ang pagkuha ng pangalan. "Puwede bang ikaw na lang?" tanong niya.

Ngumisi lang ito. "We'll see about that." Kumuha na ito ng isang piraso ng papel. Bahagyang nangunot ang noo nito nang mabasa ang pangalan bago sumilay ang pilyong ngiti sa labi. "Well, this is interesting. Mukhang magiging buhay na buhay ang susunod na buwan para sa ating lahat. We're having an odd pair." He held out the paper so everyone could see. A four-letter name was written on it: *Ivan*.

Ivan Duremdez was indeed going to be her boyfriend for the month... starting tonight. Napatingin siya sa binata, at tumalon yata ang puso niya dahil nakamasid din ito sa kanya. Tila tinitingnan nito kung magrereklamo ba siya o magba-back out.

Pero kailan ba umatras sa isang challenge si Vicki? A trial affair with Ivan Duremdez for a month? Bring it on!

Chapter Two



Nakita ni Vicki na tumayo si Ivan, dahil na rin sa utos ng mga kaibigan nilang gustong makita silang magkatabi. Nagkakagulo na ang lahat. Gusto niyang pagbabatukan ang mga ito.

Naupo si Ivan sa tabi niya. He smelled clean, fresh and utterly masculine. Napakurap siya nang ilapit nito ang mukha sa kanya.

“Hi,” he said with a smile. May tila pag-aalinlangan sa mga mata nito. Nerves, perhaps.

Ivan Duremdez, nervous? “You sure you’re up to the challenge?”

Nangunot ang noo nito. “I definitely am. Are you?”

Taas ang noong sinalubong niya ang tingin nito. “Of course!”

“Hoy, isama n’yo naman kami sa usapan ninyo!” tudyo ng advertising executive na si Tyler, na sinang-ayunan ng mga kasama nila. Nakita ni Vicki na may isa pang set ng mga nakatuping papel na inilalagay si Vee sa isang bowl.

“Ano naman iyan?” hindi mapigilang tanong niya.

Ngumiti lang ito. “Bunutan ulit. May nakasulat

dito na gagawin ninyo, ngayon din, as an official couple.”

Pinaikot niya ang mga mata. Kakaiba talagang mag-trip ang mga ito. “Fine. Bring it on!”

Why on earth was she feeling this sudden rush, like every nerve of her body was coming to life, all because of the man seated beside her? Ivan was not her type, at may personal bias na siya laban sa mga gaya nito dahil sa mga nagdaang kabiguan. Bakit iba ang nagiging reaksyon niya?

Napatingin siya sa katabi. Nakatingin din ito sa kanya, nakangiti at bahagyang nakataas ang kilay. “Well, tingnan mo nga naman. Mukhang wala na tayong kawala.”

Pansin mo din? Napailing na lang siya.



This is going to be one long month... sa isip ay napapailing si Ivan habang nakatingin kay Vicki na muling uminom ng alak. Parang bale-wala lang dito na magiging sila sa susunod na buwan, simula ngayong gabi.

Paano niya pakikisamahan ang isang babaeng hayagang ipinapakita ang kawalan nito ng interes sa kanya, at sa susunod na buwan? Pero hindi naman siya sigurado. Vicki might just be really good at hiding her emotions. She was obviously one proud woman.

“Have you had a boyfriend, Vicki?” hindi nakatiis na tanong niya.

Nangunot ang noo nito. “Yeah, twice na,” simpleng sagot nito. Halata sa boses na ayaw nitong pag-usapan ang mga iyon.

But he had to know. “Kailan pa ang huli?”

“Three years ago.” Masama na ang tingin ng dalaga sa kanya at bahagya siyang pinanlakihan ng mga mata na tila sinasabing tumigil na siya sa pagtatanong.

Però lalo lang naging interesado si Ivan. “And you’re over that one already, right?”

“Of course! Bakit ba importanteng malaman mo?”

Because I want to know why you’re so damn cocky and nonchalant. “Because I’m a jealous guy. Ayokong habang magkasama tayo ay iba ang nasa isip mo. Are you eyeing someone right now? Prospect?”

Halatang nagulat ito sa isinagot niya, at sa tanong. “This is just a trial affair. And no, wala akong prospect sa ngayon.” Pagkasabi niyon ay nag-iwas ng tingin si Vicki at tila pinagsisihan ang sinabi.

Aha! So she’s not even eyeing someone? Interesting! “Sino’ng crush mo ngayon?” muling tanong niya. “Kahit celebrity.”

Tumaas ang kilay nito. “Okay ka lang? Crush? Ano ito, slum book?”

Tumingin si Ivan sa mga kaibigan. Lahat ay nangingiting nakamasid sa kanila. “Sino sa inyo ang may alam kung sino ang crush ni Vicki? Kahit celebrity?”

Napahinto sa pagbunot sana muli si TJ at nakangising tumingin sa kanila. “You’re marking your territory, Pare?”

He simply smiled. “Maybe. Ayoko ng may kahati akong ibang lalaki sa atensyon niya sa loob ng isang buwan,” aniya, sabay sulyap kay Vicki, na hindi makapaniwalang nakatingin sa kanya.

“Trial affair lang ito, Ivan,” protesta nito.

Napangisi siya. “Iyon na nga, trial affair at isang buwan lang, hindi ba dapat wala tayong ibang distractions maliban sa work? Paano natin makikilala nang husto ang isa’t isa kung may ibang tao tayong iniisip? Ako, wala akong prospect. Kahit crush, wala.”

Mukhang nawiwindang na si Vicki. “Are you serious?”

“One hundred percent serious.” Hinaram niya muli ang mga kaibigan. “You guys are all serious, right? Hindi ba’t tama lang na ngayon pa lang ay alam na namin kung may magiging problema ba kami sa isa’t isa so we can work it out in the next

few weeks?"

Sumang-ayon ang lahat. "Wala namang crush si Vicki, eh. Pero ang alam kong type niya, iyong chinito. Di ba?" sabi ni Jamie.

"Chinito ang mga naging boyfriend niya dati?" Bumalik ang curiosity ni Ivan sa nakaraan ng katabi.

Natawa lang ang producer niya. "Nope, chinito ang mga nagiging crush niyang celebrity. Pero iyong mga naging ex niya..." Jamie eyed him with interest. "Come to think of it, medyo katipo mo sila." Ngumisi ito.

"Really..." Tumingin siya kay Vicki.

"And that's why ex ko na lang sila." Tila gusto nang tapusin ng babae ang usapan.

"So hindi mo ako type?" Tumaas ang kilay ni Ivan.

Umiling ito. "Nope."

"Woohoo! LQ agad! Tigilan muna iyan at nakabunot na si TJ ng inyong first task as a couple." Pumalakpak pa si Cara.

Ilang sandaling minasdan pa muna ni Ivan si Vicki bago ibinaling ang atensyon sa mga kaibigan. "So, ano na ang ipapagawa n'yo sa amin?"

"You're officially a couple now, okay? At pareho kayong sport, ready for anything, walang magpoprotesta kung anuman ang nakasulat dito sa

nabunot ni TJ?" paniniguro muna ni Vee.

"Yes to all," kumpiyansang sagot niya. "I'm ready and okay for anything." Tumingin siya sa 'nobja'.

"Bring it on!" sabi muli nito.

"Okay, walang magwo-walk out, ha? Madali lang ito," nakangising saad ni TJ.

Napailing si Ivan. *This better be good.*

TJ slowly turned the paper so they could all read what's written on it. Hindi na rin nagulat si Ivan sa nabasa roon:

10 second kiss, on the lips. Or the trial affair will be extended to three months.

Napangiti siya. Wala siyang problema roon. It would be nice to kiss those luscious lips. Much as Vicki's personality was a no-no in his books, there's no denying the fact that she's an attractive woman. Not his type, but attractive nonetheless.

Tumingin siya sa dalaga, na dahil hindi dala ang reading glasses ay inaninaw muna ang nakasulat sa papel bago ito naka-react. Ivan couldn't believe what he was seeing.

Vicki was blushing. At mukhang kinakabahan itong napatingin sa kanya. Pero muli ay taas ang noo nito at ipinapakitang bale-wala lang ang lahat.

Bumaling ito sa mga kaibigan nila. “May timer ba?”

Inilabas ni Vee ang cellphone. “All right, guys. Timer will start when you’re ready.”

Muling humarap sa kanya si Vicki. Ivan had his eyes on her for almost a minute now, and he’s ready for the kiss. As much as he didn’t like her guts, he actually found her lovelier now. Nakapako ang tingin nito sa kanya at tila hinihintay kung ano ang gagawin niya.

He snaked an arm around her waist. Halatang nagulat ito sa ginawa niya. He cupped her face with his other hand, stared at her lips for a couple of seconds then pulled her close.

She closed her eyes before his lips touched hers.

Her lips were soft, moist and tasted faintly of sweet wine. Ivan couldn’t tell which one was intoxicating—her lips or the fact that they were kissing. Or that she was kissing him. Yes, she was kissing him back. She seemed to match his intensity with her own. And it was driving him to the edge.

Their lips perfectly melded, as if they’re so used to kissing each other.

Who knew the seemingly cold, emotionless Vicki could be such a hot kisser?

The one-month trial affair didn’t seem so bad after all, if he knew he could actually get something like this from her.

Mayamaya ay naramdaman niya ang palad nito sa dibdib niya, bahaga siyang itinutulak. Tapos na ang sampung segundo. At nagkakagulo na ang mga kaibigan nila. He sheepishly pulled away.

His eyes were fixed on Vicki, na ngayon ay nakatingin din sa kanya. “You all right?”

“Okay lang ako... kaya lang...” Napabuntong-hininga ang babae bago itinaas ang isang kamay. She brought it towards his lips. “May lipstick ka.” And to his utter surprise, she gently wiped the color that clung to his lips with her thumb.

That was such an intimate gesture. At tila napakanatural lang niyon para kay Vicki. Ngumiti siya rito, na tila biglang pinagsisihan ang ginawa.

Ano nga ba ang iniisip niya kanina? Na hindi niya alam kung paano pakikisamahan si Vicki sa loob ng isang buwan? She was supposedly not his type.

Then why does kissing her suddenly felt so right?



Kahit pa masakit ang ulo ni Vicki nang magising kinabukasan ay tila nang-iinis pang nagre-replay sa utak niya ang nangyari nang nagdaang gabi. Hindi siya makapaniwalang nagkaroon siya ng temporary boyfriend—at si Ivan Duremdez pa! Kahit sa panaginip ay hindi niya inisip na mapupunta siya sa

ganoong sitwasyon.

Sinubukan niyang gawing abala ang sarili, ngunit tila tuksong bumabalik-balik lang ang alaalang iyon. And to think halos hindi naman sila gaanong nakapag-usap pagkatapos nilang maghalikan sa harap ng mga kaibigan. Paminsan-minsan ay nahuhuli niya itong nakatingin sa kanya, ngunit wala na silang ibang napag-usapan pa hanggang sa mag-uwian na sila. Ivan might have been a hot kisser, pero matapos iyon ay tila balik lang ito sa dati.

Hindi niya alam kung bakit apektado siya roon. Maybe it was her pride. It's quite obvious she was not his type. Hindi alam ni Vicki kung ano ang gusto nitong palabasin nang nakaraang gabi sa pagtatanong nito tungkol sa nakaraan niya o kung may nagugustuhan ba siya sa ngayon.

Ivan obviously didn't like her, maybe not even attracted to her but it was easy to guess he felt challenged by her. Dapat ay hindi niya ito masyadong pinag-iisip, pero hindi pa rin maalis sa utak ng dalaga kung paano siya hinalikan nito nang nagdaang gabi.

The man kissed her as if he wanted her, as if he found her beautiful or was trying to tell her something else through that kiss. Tinugon niya ang halik nito dahil naramdaman niyang iyon ang gusto

niyang gawin.

It was her first time to kiss him, but it already felt so right, somehow.

Nasapo ni Vicki ang noo sa naisip. Ano ba itong napasukan niya?

Matapos ang dalawang beses na pagkabigo, muli siyang napasok sa isang ‘relasyon’ na hindi inaasahan, walang-wala sa plano, at sa isang kagaya pa ni Ivan, na alam niyang dapat ay iniiwasan na lang niya. But she couldn’t back out now.

Napabuntong-hininga siya bago napayuko at napansin na umiilaw ang kanyang cellphone. Kaagad niya iyong kinuha at binuksan ang inbox. There was a text message from Jamie:

Please meet me at the St. Bridget’s Fair at 5pm later. Stand in front of the first cotton candy booth you’ll see. No dress code, just be Vicki... a.k.a. Ivan’s new girlfriend. ;-)

Napailing siya sa nabasa. Totoo ang lahat at hindi panaginip. She just got herself a boyfriend for an entire month.

It’s just Ivan Duremdez. Kayang-kaya niya ito.

Chapter Three

W^{along taon nang hindi natatapak sa isang school fair si Ivan, kaya pakiramdam niya ay isa siyang alien na nawawala habang nakatayo sa tabi ng ice cream vendor.}

It was a weird place to meet for a first date, but he went nonetheless. Tiningnan uli niya ang text message sa kanya ni Jamie, kung saan sinabi nitong doon niya ito im-meet.

Kababalik pa lang niya ng cellphone sa bulsa ng pantalon nang may tatlong binatilyong may suot na police cap at may hawak na posas at isang piraso ng papel ang lumapit sa kanya.

“Sir, you’re under arrest,” seryosong sabi ng isang binatilyo sabay pakita ng dalang papel. It was a warrant, all right, and it was signed in Vee’s loopy signature.

“For what charge? Sorry hindi ko gaanong nabasa, malabo ang mata ko.”

“S’abi po nina Miss Jamie at Miss Vee, masyado daw po kayong guwapo para magpakalat-kalat sa isang school fair,” nakangising sabi ng binatilyong may hawak ng warrant kuno.

Napailing lang siya. “Nasaan sila?”

“Hindi po puwedeng sabihin, basta sumama lang po kayo sa amin. At, Sir, iba-blindfold po kayo. Sorry po, we’re just following orders.”

Ivan allowed himself to be blindfolded. Matapos ma-secure ang piring niya ay inalalayan siya ng tatlong humuli sa kanya palakad sa kung saan, marahil ay sa presinto o kulungan.

Inalalayan siya ng mga kasamang estudyante paakyat ng ilang baitang. Marahang itinulak siya sa loob ng isa sa mga ‘pulis’ na humuli sa kanya bago nito inalis ang posas. He then closed the door and told him he could now remove his blindfold.

Kaagad niyang inalis ang piring sa mata. Habang inaayos ang natabinging salamin ay naramdamang kaagad niyang hindi siya nag-iisa sa kulungan. Pagtingin sa kanan ay may babaeng nasa akto ng pag-aalis ng piring din nito gamit ang isang kamay, habang sa isa pa ay hawak ang isang malaking plastic ng cotton candy.

It was Vicki, and she looked as disgruntled and resigned as he was.

“Well, so we’re spending our first date in prison?”

Nag-angat ito ng tingin. Halatang hindi inaasahan ng dalaga na naroon din siya. “I guess,” sabi nito bago naupo sa kalapit na bench at sinimulang buksan ang dalang plastic.

Naupo siya sa tabi ng babae. “Ngayon lang uli ako nakatapak sa isang school fair. Na-miss ko din ang ganito kagulo at kaingay, ’tapos amoy popcorn at hotdog.”

Nang mabuksan ng dalaga ang plastic ay pumiraso ito sa cotton candy at isinubo iyon bago siya inalok. “Kuha ka. Ito ang na-miss ko sa school fairs.”

Kumuha si Ivan ng isang piraso at isinubo iyon habang hindi inaalnis ang tingin sa katabi. Ni hindi man lang pinagkaabalahan ayusin ni Vicki ang nagulong ponytail.

He studied her face. Walang makeup. Peach collared shirt at itim na capri pants ang suot nito. At checkered sneakers. Nasanay siyang ang mga nakaka-date ay tila laging rarampa sa runway o magpo-pose para sa isang photo shoot kung pumorma, at nakakapanibago ang kasimplehan ni Vicki.

And he couldn't believe he was finding her lovely now in spite of her affected disinterest, which was slowly beginning to show now. Dahil ang atensyon nito ay nasa cotton candy at sa tanawin sa harap nila. From their cell, they had a nice view of the entire soccer field where booths and food stalls were strewn everywhere. Pop music filled the air.

“You don’t like me that much, do you?” tanong niya.

Maang na napatingin sa kanya si Vicki. “What?”

“Tayo na, as of last night. At ito ang first date natin as a couple. Pero parang wala ka naman dito.” He leaned close. “What’s on your mind, Vicki?”

Marahan itong napatango. “Hanggang ngayon, iniisip ko pa din kung ano ba itong napasukan ko. Kung panaginip ba ito o joke.” Her lips turned up. “Ikaw ba, okay ka lang talaga sa set-up na ito?”

He arched a brow at her. “The truth? No, I think it’s absurd. Paranginalisanako ng karapatang pumili kung sino ang gusto kong makasama o maka-date. Akala ko rin usapang lasing lang ito.” Umiling pa ang binata.

Nangunot ang noo ni Vicki. “Are you saying you’re not quite sold with the idea of dating me?”

He smiled. “I have to be honest, no. Because I’ve known you from Congressman Chavez’ office, and as one of Jamie’s best friends, and nothing else. Hindi ko lang siguro naisip na tingnan ka sa ganoong paraan... you know, as a date. As a girlfriend.”

She blinked. “Okay.”

“Hey, hindi pa ako tapos,” natatawang sabi ni Ivan. “That was before. All that changed last night.

I mean, kahit ang unang tingin ko sa set-up na ito ay isang malaking kalokohan, sa palagay ko ay wala namang masama kung susubukan ko... natin. I think it's worth giving a try."

Her eyes narrowed. "You do, huh?"

"Yes," he slowly nodded, then leaned even closer, inhaling the lovely scent of her hair. Man, what was happening to him?

"At dahil iyon sa officially ay tayo na?" tanong ni Vicki bago bahagyang umatras.

Umiling siya. "No." Inilapit pa niyang lalo ang mukha, at hinuli ang mga mata nitong tila umiiwas na matingnan siya nang matagal. "It's because of the kiss."



Parang roller coaster, o kaya ay isang pasaway na super typhoon. Iyon marahil ang eksaktong description sa kung paano nagsi-shift ang pakiramdam ni Vicki simula pa nang nakaraang gabi, dahil kay Ivan.

She was expecting him to treat her the way he did last night, even after the kiss. Ngunit bakit ngayon ay sinasabi nitong nagbago na ang isip nito tungkol sa pagiging absurd di-umano ng set-up nila dahil lang sa halik na iyon?

"Are you serious, Ivan? That kiss was a task, we were told to do that," natatawang sabi niya. "At

dahil pareho tayong sport and consenting adults, we agreed. Right?” Inilagay niya ang palad sa dibdib nito upang bahaga sana itong itulak. He was too near. But the contact with his firm, solid chest, and the warmth emanating from it through the fabric of his shirt, brought a sudden jolt. And yet her hand stayed where it was.

Tumaas ang isang kilay nito. “True. And as adults, I don’t think you take kisses lightly, right?”

Mataman niya itong tiningnan. “Ano ang ibig mong sabihin?” She knew exactly what he meant.

He smiled. “That kiss felt so right, na halos hindi man lang tayo nag-alangan n’ung simulan natin...” Hinuli ni Ivan ang kamay niyang nasa dibdib nito. “I admit I got carried away there.”

Hindi siya makapaniwala na magiging ganoon ito kakomportable na pag-usapan ang nangyari nang nagdaang gabi. She could feel her cheeks getting warm.

She was so aware of how strangely comforting it felt to have her hand in his. “I knew how to kiss, at halata namang eksperتو ka na roon. Bakit kailangan pang may awkward moment?”

“Because we have never kissed each other before, at malamang ay hindi pa natin naisip gawin iyon, until last night,” sagot nito, tila amused na minamasdan siya.

“And your point is?” taas ang kilay na tanong ni Ivan.

“My point is, something is in that kiss. At hindi lang iyon dahil pareho na tayong sanay humalik. We both enjoyed it, right?” He looked at her, mimicking her raised brow.

Tatanggi pa ba siya? “Right.”

“Hindi ako naniniwalang basta mo lang ine-enjoy ang halik, na wala kang ibang nararamdaman, and it doesn’t matter if it’s before, during or after. The thing is, I’ve been thinking about that kiss. About you, about kissing you.” Hindi nito inaalnis ang tingin sa kanya.

Pakiramdam ni Vicki ay malalaglag siya sa upuan. Nawiwindang siya sa mga pinagsasabi ni Ivan. He was taking the thoughts out of her head, the feelings out of her own heart...

“Ang gusto ko lang sabihin...” patuloy nito, mataman pa ring nakatingin sa kanya. “That kiss sort of proved something, that being that close felt right somehow,” he smiled. “And maybe it’s worth giving this one-month trial affair a try.”

“But I am not your type.”

“At hindi mo rin ako type,” ngisi ng binata. “There’s always a first time, Vicki.”

Huminga siya nang malalim. “Siguruhin mo lang na hindi mo ako pinagtitripan.”

Nangunot ang noo nito. “Bakit ko gagawin iyon? I am too busy for games. I date a lot before, but I never played around.”

Yeah, right. “Fine, let’s give this trial affair a chance.”

“Don’t think it’s a trial affair, or you’ll miss the fun. Tayo na, period. Huwag muna tayong ma-conscious sa life span nito. Let’s just enjoy, all right?”

“All right.” She’s tried her might to look tough and unruffled, pero kumakabog talaga ang dibdib niya. She hadn’t felt that way in a long time, especially about the prospect of spending the next few weeks being someone’s girlfriend, again.

Being Ivan’s girlfriend. Sinalubong niya ang tingin ng lalaki, tila nakangiti ang mga mata nitong minamasdan siya. He then raised her hand he was holding and slowly brought it to his lips, kissing the back of her fingers lightly, as he kept his eyes on her. Vicki held her breath, she wasn’t expecting that.

Walang salitang hinila niya ang kamay mula kay Ivan, na hinayaan lang siya.

But then, he placed an arm around her shoulder and pulled her close. “I just wish those two women planned a better first date. Ano iyon, dito lang tayo hanggang mamaya?” Tumingin ito sa direksyon ng

soccer field.

Vicki felt herself relax. Ano nga ba naman ang mawawala sa kanya? Ie-enjoy lang niya ang pagkakataong makilala ito nang lubusan, ang makasama si Ivan nang mas madalas sa loob ng isang buwan. Hindi sila obligadong ma-in love sa isa't isa.

Isa pa, isang buwan lamang ang itatagal ng trial relationship na ito dahil sa susunod na buwan ay magiging abala na siya sa paglakad ng papeles papunta sa England, kung saan nabigyan siya ng full scholarship sa isang master's degree sa Public Service and Policy Development sa *Cambridge University*. Dalawang taong pag-aaral din iyon, at isang pagkakataong wala siyang balak palampasin. Kaya hindi siya dapat na mag-alalang maaaring may mabago sa buhay niya sa loob ng isang buwan dahil ang lahat ay nakaplan na, at least, for the next two years.

Sumandal siya kay Ivan. At sinundan ang tinitingnan nito. But she was still very conscious of how close they were. Especially when she felt him gently kissing the top of her head and her temple. She tried her best to keep her breathing steady.

“The fair closes at seven thirty, I think.
Pagkatapos ng fireworks display.”

Ivan checked his watch. “It’s already six.

Magugutom tayo mamaya. Wala bang dadalaw sa mga preso at magdadala ng pagkain?”

Natawa si Vicki. Iyon din ang inisip niya. Sakto namang namataan niyang naglalakad na patungo sa gawi nila sina Jamie at Vee, na parehong nakangisi habang nakatingin sa kanila. “Speaking of dalaw...”

“Time for dinner, lovebirds.” In-unlock ni Jamie ang pinto ng selda nila. Sa likod nito ay nakita nilang may itinaas na hawak na camera si Vee. A series of flashes already erupted even before they pulled apart from their comfortable position.

Halos sabay silang tumayo at lumapit sa pinto. “Kailangan bongga ang dinner ng mga bagong laya,” she smirked as they got out of their cell.

Natawa lang ang dalawang babae. “Oh, you will love the dinner. Six floors up.” Iminuwestra ni Jamie na sumunod lang sila. Dinala sila ng mga ito sa roof deck ng main building kung saan ginaganap ang maliliit na party sa *Saint Bridget’s*.

The place had a magnificent view of the city and a lovely garden in it. May isang platform silang nakita sa di-kalayuan kung saan may isang table for two na may simpleng dinner setting. Sa tabi niyon ay may maliit at mas mababang mesa kung saan may nakapatong na cooler.

“Yung dessert, wine at water bottles ninyo

ang nasa cooler. Self-service po ito, Ate at Kuya.”
Marahan silang iginiya ni Vee patungo sa mesa.
“Hanggang nine kayo puwedeng mag-stay dito.
After that, may magliligpit na. No hanky-panky,
please. You’re inside school premises.”

Vicki glared at her. Natawa lang ito. Matapos
ang ilan pang habilin ay umalis na sina Vee at
Jamie. When she was finally left alone with
Ivan again, Vicki felt her nerves coming back.
Dinner lang ito, kakain lang sila. Bakit ba siya
natetensyon?

But all her concerns were soon forgotten,
because they ended up laughing and talking all
throughout their delicious and filling dinner until
nine.

